TAON 11 AT 12

Public education
**Discover a world of opportunities**

# PAHAHANDA PARA SA IKSAMEN

## PAGHAHANDA PARA SA MGA IKSAMEN

**1. Magsimula nang maaga**
Simulan ang pagbabalik-aral mga anim na linggo bago sa iyong mga iksamen. Iwasan ang madaliang pag-aral o pagrepaso ng asignaturang kailangang ipasa sa iksamen at ang pag-aral nang magdamag – hindi mabisa ang mga ito. Imposibleng maisaulo ang lahat sa isang gabi.

**2. Gumawa ng talatakdaan ng oras (timeline)**
Markahan ang mga oras ng pagbabalik-aral sa iyong talatakdaan ng oras. Magtakda ka ng mga tunguhin at markahan ang mga nagawa habang tinatapos mo ang mga ito. Tandaan na maging makatotohanan at magtakda ng mga tunguhin na matagumpay na magagawa.

**3. Magpanatili ng mga talang malawak ang saklaw**
Ang mga itinatala mo bawat araw ay bubuo ng malaking bahagi ng iyong pagbabalik-aral. Pagkatapos ng bawat klase, basahin mabuti ang iyong mga tala at siguruhin na ang mga ito ay malinaw at kumpleto. Kung hindi ka sigurado tungkol sa isang bagay o kung ikaw ay lumiban, kausapin mo ang iyong guro at hilingin na ipaliwanag sa iyo ang ginawa noong ikaw ay lumiban.

**4. Isaayos ang iyong panahon at lugar**
Isama ang panahon ng pagbabalik-aral sa iyong talatakdaan ng oras ng pag-aral. Tiyakin na mayroon ka ng lahat na kailangan mo sa simula ng bawat sesyon, kasama ang mga tala, mga polyetong pinamimigay (handouts) at mga aklat-aralin.

**5. Magsanay ng mga pamamaraan ng pagbabalik-aral**

- Isulat muli ang iyong mga tala. Napakagaling na paraan ito sa pagpapanariwa ng iyong memorya. Siguruhin na isulat ang mga ito sa iyong sariling mga salita. Mapapakita nito ang pagkaunawa mo ng paksa.
- Tanungin mo ang iyong sarili. Sagutin mo nang malakas ang iyong sariling mga tanong na parang ipinapaliwanag mo ang iyong mga sagot sa ibang tao sa unang pagkakataon.
- Gumawa ng mga flash kard. Magaling ang mga ito sa pag-aaral ng mga pakahulugan, mga patakaran at mga pormula. Ang iyong pamilya ay makakatulong din sa pamamagitan ng pagsulit sa iyo.
- Buurin nang paisa-isa ang mga pinakamahalagang sanaysay. Palaging patuloy na gawin ito hanggang makakaya mo nang tapusin ang gawaing ito na hindi sumasangguni sa iyong mga dating tala at libro.
- Subukan ang mga nakalipas na iksamen. Tutulong itong mabihasa ikaw sa mga uri ng mga sagot na kailangan mong ibigay.
- Makipag-usap sa iyong mga guro. Ito ay talagang importante kung nagkakaproblema ka sa pag-unawa ng anuman. Naririyan sila para tulungan ka.



Department of
**Education**

**education.wa.edu.au.**

© Department of Education, Western Australia, 2015